Sinagot ng Diyos ang Kaniyang Panalangin

Tagubilin: Gawin ito sa tahimik na lugar. Habang binabasa mo ang mga teksto, isipin mong naroroon ka. Ilarawan sa iyong isip ang eksena. Isipin mong naririnig mo sila. Damhin mo ang nadarama ng pangunahing mga tauhan. Gawing buháy na buháy sa iyong isipan ang kuwento.

Pangunahing mga tauhan: Nehemias, Haring Artajerjes, Sanbalat, at Tobia

Sumaryo: Nanalangin si Nehemias sa Diyos, humingi siya ng permiso sa hari na maglakbay sa Jerusalem, at nadaig niya ang mga hadlang.

1 PAG-ISIPAN ANG EKSENA.—BASAHIN ANG NEHEMIAS 2:1-20.

Ano kaya ang hitsura ng mga tauhang ito sa kuwento?

Nehemias: _____

Haring Artajerjes: _____

Sanbalat at Tobia: _____

Bakit kaya maikli ang panalangin ni Nehemias? _____

_____

Ilarawan ang iniisip mong hitsura ng Jerusalem nang dumating doon si Nehemias. (*Basahing muli ang talata 13 at 14.*)

_____

Ano kaya ang tono ng boses ni Nehemias sa talata 17?

_____

2 PAG-ARALANG MABUTI.

Ano kaya ang ipinanalangin ni Nehemias? (Basahin ang Nehemias 1:4-11.)

_____

Bakit kaya inisip ni Nehemias na papayagan siya ni Artajerjes na bumalik sa Jerusalem? (Basahin ang Ezra 7:1-6; Kawikaan 21:1.)

_____

Paano ‘pinalakas ng mga Judio ang kanilang mga kamay para sa mabuting gawa’? (Basahin ang Nehemias 2:18; Isaias 35:3.)

_____

Ano ang nagustuhan mo sa sagot ni Nehemias kina Sanbalat at Tobia? (Basahin ang Nehemias 2:20.)

_____

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

3 GAMITIN ANG IYONG NATUTUHAN.

Isulat ang iyong natutuhan tungkol . . .

Sa kapangyarihan ng panalangin. _____

_____

Sa kung paano tinutulungan ni Jehova ang kaniyang mga mananamba kapag lakas-loob silang nagsasalita at nangangatuwiran. _____

_____

4 TANUNGIN ANG SARILI:

Kung nag-aalala ako o nalulungkot, paano ko matutularan si Nehemias?

_____

_____

Kapag may kumukuwestiyon sa aking paniniwala, paano ko maipakikitang nagtitiwala ako kay Jehova?

_____

_____

Anong aral sa kuwentong ito ang pinakamahalaga sa akin, at bakit?

_____

_____

_____

Mungkahi: Magsaliksik at hanapin sa mapa ang sinaunang mga lunsod ng Susan at Jerusalem. (Nehemias 1:1) Tantiyahin ang layo ng Susan sa Jerusalem. Isipin kung gaano kahirap para sa iyo—gaya ng naranasan ni Nehemias—na maglakbay nang gayon kalayo mula sa inyong bahay nang walang sasakyan.

JW.ORG™

I-download ang PDF na ito sa www.jw.org/tl

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania